

AL-WUDHU

(Paghuhugas sa ilang bahagi ng katawan)



Ang pamamaraan ng Al-Wudhu ay ang mga sumu-sunod:

1. Unang-una, nararapat na magkaroon ng maliwanag na Niyaat (intensiyon o hangarin) sa sarili na magsagawa ng Al-Wudhu.

2. Banggitin ang Bismillah (Sa Ngalan ng Allah).

3. Hugasan ang dalawang kamay hanggang sa pulso ng tatlong ulit. Tiyaking ang lahat ng bahagi, pati na ang pagitan ng mga daliri, ay mabasa ng tubig.

4. Magsahod ng tubig sa kanang kamay at magmumog ng tatlong ulit.



5. Hugasan ang ilong sa pamamagitan ng mahinang pagsinghot ng tubig mula sa kanang kamay at ito ay isinga sa tulong ng kaliwang kamay. Gawin ito ng tatlong ulit.



6. Hugasan ang buong mukha hanggang sa mga tainga, nuo at baba (kasama ang balbas) ng tatlong ulit.



7. Hugasan ang mga braso, kanan muna bago ang kaliwa, mula sa pulso hanggang sa siko ng tatlong ulit.



8. Minsang hapusin ng basang kamay ang ulo mula sa nuo hanggang batok at pabalik.



9. Linisin ng minsan ang loob ng magkabilang tainga ng basang hintuturo samantalang ang hinlalaki ay hinahagod ang likuran ng tainga.

10. Hugasan ang dalawang paa kasama ang magkabilang bukong-bukong, at itinatagubilin ito bilang kaaya-ayang gawain na gawin ito nang tatlong ulit, datapuwa't ang kailangan ay isang ulit lamang. At kung siya ay nakasuot ng medyas, magkagayon ipinahihintulot ang pagpunas nito nang ayon sa ilang patakaran.



11. Ang mga hakbang ng Wudhu ay winawakasan sa pagbigkas ng Kalimatu Ash-Shahada:

Ash-hadu an la ilaha illallah wa ash-hadu anna Muhammadan abduhu wa rasuluh.

(Ako ay sumasaksi na walang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Kanyang Alipin at Sugo)

Si Propeta Muhammadr ay nagsabi: "Sinumang magsagawa ng Wudhu nang ganap at magsabi ng Ash-hadu an la ilaha illallah wa ash-hadu anna Muhammadan abduhu wa rasuluh', ang walong tarangkahan ng Jannah (Paraiso) ay magbubukas at siya'y makapasok sa alinmang (tarangkahang) kanyang nais." (Muslim)

Paalala:

Kapag ang Wudhu ay nasimulan na, walang ibang bagay na dapat pagkaabalahan maliban dito. Ang pagsagawa nito ay nararapat na tuloy-tuloy hanggang sa matapos.

Kung naisagawa na ang Wudhu bago isinuot ang mga medyas, hindi na kailangan pang hubarin ang mga ito sa pagsapit ng susunod na Wudhu. Sapat na ang hapusin ang itaas ng mga ito ng basang palad. Ito ay maaaring gawin sa loob ng isang araw at gabi (24 oras) sa mga nananatili sa kanikanilang pook o tahanan (tatlong araw at gabi naman sa mga naglalakbay). Kung sakaling hinubad ang mga ito at isinuot na muli bago sumapit ang susunod na Wudhu, kailangang hubarin ang medyas at hugasan ang paa sa muling pagsapit ng oras ng Wudhu.

Kailangang ulitin ang Wudhu kapag umihi, umuot, tumae, o hinawakan ng tuwiran ang maselang (pribadong) bahagi ng katawan o nawalan ng malay, o nakatulog ng mahimbing sa pagkakahiga.